Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal kapag sila ay pitong taong gulang. Mamalo kayo sa kanila dahil [sa pagkukulang] dito kapag sila ay sampung taong gulang. Magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan."}

Ayon kay `Amr bin Shu`ayb, ayon sa ama niya, ayon sa lolo niya na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Mag-utos kayo sa mga anak ninyo ng pagdarasal kapag sila ay pitong taong gulang. Mamalo kayo sa kanila dahil [sa pagkukulang] dito kapag sila ay sampung taong gulang. Magpahiwalay kayo sa kanila sa mga higaan."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kailangan sa ama na mag-utos sa mga anak niya, na mga lalaki at mga babae, na magsagawa ng ṣalāh kapag ang mga edad nila ay pitong taon at magturo sa kanila ng kinakailangan nila para sa pagpapanatili nito. Kapag umabot sila sa edad na sampung taon, magdaragdag siya sa pag-uutos sapagkat mamamalo siya sa pagkukulang sa mga ito. Magpapahiwalay siya sa kanila sa mga higaan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5272